（タガログ語　）

Reiwa taon buwan araw
令和４年１月１７日

Para sa mga magulang /tagapag-alaga 保護者　様

Board of Education, Toyohashi Schools Division Office 豊橋市教育委員会
Schools Division Superintendent: Mr. Yamanishi Masayasu 教育長　山西　正泰

**Tungkol sa mga Hakbang Upang Maiwasan ang Impeksyon ng Coronavirus (COVID-19)**
新型コロナウイルス感染症に係る感染対策等について

Nais po naming magpasalamat sa inyong patuloy na pag-unawa at kooperasyon sa mga aktibidad na pang-edukasyon at mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.  Ang bilang ng mga taong nahahawaan ng coronavirus (COVID-19) ay mabilis na tumataas at ang impeksyon ay kumakalat.  Sa pagkakataong ito, ang bilis ng pagkalat ng impeksyon ay may posibilidad na maging madali, kung kaya't magsasagawa ng mas mahigpit na mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon patungo sa panahon ng graduation at pagtatapos ng school year.  Ang hakbang na ito ay magsisimula sa January 18.

Hinihiling po namin sa mga magulang /tagapag-alaga na patuloy na magbigay gabay sa inyong mga anak tungkol sa mga pangunahing hakbang upang maiwasan ang impeksyon tulad ng pagsusuot ng face mask, pagkuha ng body temperature, pagsusuri sa pisikal na kondisyon at paghuhugas ng kamay.

1. Habang patuloy na ipinapatupad ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon tulad ng pagsusuot ng face mask, bentilasyon, pagtiyak sa social distance at paghuhugas ng kamay bukod sa mga oras ng pag-eehersisyo, ang mga hakbang na isinagawa sa ilalim ng state of emergency ay ipagpapatuloy tulad ng mga sumusunod.
   ・Ang pagsusuri ng kalusugan at pagkuha ng temperatura ay isasagawa sa simula ng meeting sa umaga.
   ・Ang mga pagkain ay ibabahagi ng mga mag-aaral (health checked) at faculty members(health checked) na nakaduty at para sa mga nais magdagdag ng pagkain, ang guro ang magse-serve.  Hindi maghaharap-harap sa kainan at kakain nang tahimik.
   ・Gagawin ang paglilinis tulad nang dati.  Ang mga guro ang magdidis-infect ng toilet.
2. Pansamantala munang hindi isasagawa ang mga aktibidad na malapit ang distansya tulad ng choral, recorder o pagsasanay sa pagluluto na mataas ang peligro ng pagkalat ng impeksyon kahit na sumunod sa mga hakbang upang maiwasan ito.
3. Tungkol sa mga aktibidad ng club, lubusang ipapatupad ang mga hakbang laban sa mga nakakahawang sakit at pansamanta munang hindi sasali sa mga aktibidad na may mataas na panganib ng impeksyon sa ngayon.
   ・Bilang isang pangkalahatang patakaran, iwasan ang mga aktibidad na may skin contact sa kalaban tulad ng one-on-one basketball at interpersonal practice tulad ng judo randori (match).  Iwasan ang mga aktibidad na may kasamang vocalization o performance na ginagawa sa loob ng silid nang malapitan.
   ・Umiwas sa mga laro sa ibang paaralan.  Kapag nakikilahok sa mga opisyal na laro at konsiyerto, isaalang-alang ang sitwasyon ng impeksyon sa nakapaligid na lugar at maingat na isaalang-alang ang oras at lugar ng aktibidad.
4. Tungkol sa graduation ceremony, magplano at maghanda para sa pagpapatupad nito matapos na maingat na isaalang-alang ang mga dadalo at ang mga nilalaman ng seremonya.
5. Mangyaring huwag papasukin ang bata sa paaralan kung may miyembro ng pamilya na kasama sa bahay ay may sintomas ng ubo't sipon at kung may miyembro ng pamilya na kasama sa bahay na natukoy na “direct close contact”.
   ・Bagamat ang inyong anak ay may sintomas tulad ng lagnat, ubo't sipon at mabilis na gumaling, mangyaring isaalang-alang ang hindi pagpasok sa paaralan nang isang araw at magpatingin sa doktor kung sakali.
6. Ituturing na "Suspension of Attendance SHUSSEKI TEISHI" (sa halip na absent) kung hindi makakapasok sa paaralan ang bata sa kadahilanang mahina ang kondisyong pampisikal o pagkabalisa tungkol sa impeksiyon o natukoy bilang isang direct close contact, atbp.  Bilang suporta sa pag-aaral, ang bawat paaralan ay mayroong isang sistema na nagbibigay-daan sa pamamahagi ng class video at magsagawa ng interactive online lessons, kung kaya't mangyaring kumonsulta sa paaralan.

＜Contact information お問合せ先＞
Board of Education, Toyohashi Schools Division Office, Education Department
豊橋市教育委員会学校教育課　0532-51-2826
Policy Planning and Coordination Division 教育政策課　0532-51-2805